

1

“Auden Akira Joson! Lalabas ka nang ganyan ang hitsura mo?”

Nayanig yata ang buong studio unit ni Audra dahil sa lakas ng duet na bulalas ng mga kaibigan sina Camille at Elgar nang makita ang hitsura niya. Kalalabas lang niya mula sa kurtinang nagsisilbing divider sa pagitan ng bedroom area at sa iba pang bahagi ng condo unit.

It was the night of her twenty-eighth birthday, and she was about to treat her two best friends to dinner and drinks, pagkatapos ay ookrayin lang ng mga ito ang suot niya?

“Ano’ng mali sa suot ko?” nakapamaywang na sabi niya sa dalawa. Fashion editor for a women’s magazine si Camille habang creative director sa isang ad agency si Elgar. Both were in clothes that screamed stylish. At malamang, sa kasimplehan ng suot niya ay magmumukha nga siyang alalay ng mga kaibigan.

Pero hindi niya makita ang mali sa suot na brown long-sleeved V-necked shirt, dark denim slim jeans, at checkered *Keds* shoes. Makulay na beaded necklace,

wristwatch at itim na sling bag na may silver buttons ang accessories niya. All in her favorite colors, and subtly highlighted her curves. Sa palagay niya ay sapat na iyon upang makaakit siya ng atensyon para sa isa pang ‘misyon’ niya ngayong gabi bukod sa page-celebrate kasama ang dalawang kaibigan.

“Ano’ng mali? Gaga, akala ko ba may iba kang plano ngayong gabi?” nanlalaki ang mga matang sabi ni Elgar, na kung hindi lang bading ay siya na sanang ginamit niya para sa gusto niyang mangyari ngayong gabi. Guwapo pa man din ito, bukod sa maganda at malinis ang pangangatawan. “Huwag mo akong tingnan nang ganyan, Audra! Kinikilabutan ako! Eww!”

She rolled her eyes. “So, ano ang problema?”

“Mukha ka pa ring prof, girl,” naiiling na sabi ni Camille. “And since you want to get laid tonight, that’s not what you would call easy access clothing.”

Nag-init ang mga pisngi niya. “Ano’ng easy access?”

Napapailing na tumayo ang dalawa mula sa prenteng pagkakaupo sa nag-iisang couch sa munting sala niya at halos itulak siya pabalik sa bedroom. Pinaupo siya ni Elgar sa kama habang nire-raid nito

at ni Camille ang closet niya.

Tila gutom na mga leon ang mga ito sa paghahanap, hanggang sa mahila ni Camille ang isang malaking sarong sa kaila-ilaliman ng underwear drawer niya. It was black with subtle red batik prints. Malambot at malamig ang tela niyon na minsan ay ginagamit niyang kumot kapag mahaba ang biyahe niya by bus.

Nahila rin ni Elgar mula sa kung saan ang isang slip-on mid-calf boots made of soft leather. Padala iyon ng mga magulang niya na nakabase sa Canada.

Napangiwi siya. “Tapis at boots?”

Camille rolled her eyes before tossing her a black lacy strapless bra. “Hubarin mo iyang suot mo, palitan mo din ’yang bra mo.”

Walang nagawang sumunod na lang siya at tinungo ang banyo. Paglabas ay ang boy leg panties na itim at may pink heart prints, at black bra na lang ang suot niya.

Natawa nang malakas si Elgar. “Bakla, kahit bayaran mo ako para sa gusto mong maganap, eeskapo ako kapag nakita ko ’yang panty mo.”

She glared at them. “Hindi ako magpapalit ng

panty!"

"O, siya, tama na iyan. Malay naman natin, kapag hot na ang sitwasyon ay hindi na mapansin ang panty," ani Camille na lumapit sa kanya at ipinaikot sa leeg niya ang naka-twist na sarong, pinag-overlap iyon sa likod niya bago muling ibinalik sa harap at doon huling tinali. She secured the knot with a wooden bangle.

Amazed na tiningnan niya ang natapos nito. The clothes safely covered her up to a few inches above her knees, and felt comfortable, too. Ipinasuot sa kanya ni Elgar ang boots bago sinimulang i-retouch ng mga ito ang makeup niya, na simple lang ngunit mukhang naggo-glow siya.

"Easy access clothing means madaling hubarin kapag kinakailangan." Camille winked at her from her dresser mirror, pulled her up before half-pushing her toward the door. Ito na rin ang nagpatay ng mga ilaw sa unit niya. "Now you're ready."

Dinner at their favorite restaurant that served Asian fusion dishes in Ortigas was fun and hearty, gayundin ang dessert sa paborito nilang café. When it was almost ten in the evening and they were all supposed to go to a bar, noon naalala ni Audra na wala pa nga pala siyang naisip na pupuntahan. Hindi

naman kasi siya mahilig sa night life.

In fact, wala siyang night life. Ever.

“There’s this place in your apartment complex called *Playa*, napunta ka na d’on?” tanong ni Elgar habang pasakay sila ng taxi.

“Gaming bar iyon. I’m sure puro geeks ang tambay d’on,” nangunot ang noo na tugon niya.

“I have been there, madaming prospect d’un. ‘Yung mga may-ari pa lang, panay hotties na. Let’s just try and stay for an hour. Pag wala tayong napala, layas na,” saad ni Camille na siya nang nagbigay ng direksyon sa driver.

“Bahala nga kayo,” sabi na lang niya. “But remember, may criteria ako kung sino at ano ang makapagpapatupad sa akin ng plano ko ngayong gabi, okay?”

“Oh, good luck. Puwede bang alisin mo na lang ‘yung libro? Puwedeng basta guwapo at mukhang willing na lang. Anyway, it’s just for a night.”

“Nope,” iling niya. Her plan, that night of her birthday, was to get rid of her virginity. Marami tiyak ang magugulat malaman na ang isang kagaya niya—na sumulat ng dalawang award-winning *Cinemalaya*

screenplays na may matitinding sex scenes, at tatlong beses nang nanalo ng *Carlos Palanca Awards* dahil sa mga tula at short stories niya na panay may sexual undertones—ay virgin pa. As in zero experience.

Hell, she hadn't even made out with any man! Ang mga naisusulat niya at himalang nananalo ng awards ay produkto lang ng malikot, makulit at vivid imagination niya.

She hadn't really had a boyfriend, either. Panay date at flings lang, na walang pinatunguhan, ang nagkaroon siya. The past decade of her life, having been considered a literary prodigy by most, had been spent studying, working, or travelling abroad for scholarship grants, fellowships and adding more to her already stellar credentials as a writer.

At may isa siyang dream project na mahigit isang dekada na yatang in progress pa rin. Iyon ay ang makabuo ng isang nobela, na nais niyang maging kontribusyon sa prestihiyosong listahan ng great Filipino novels. Nais niyang makasulat ng isang nobela na may modernong setting at boses, na hindi kailangang base o may subplot na historical o cultural.

She wanted to write what one could classify as literary chick lit. Iyong tumatalakay sa concerns ng

isang Filipina na nabubuhay sa modernong panahon, ngunit nananatili ang pagpapahalaga sa tradisyon at kaugaliang nakasanayan.

Doon niya nais kunin ang magiging conflict ng kanyang kuwento. Ngunit may isang aspeto ang binubuo niyang nobela na kakailanganin niyang talakayin sa unang pitong chapters nito. It was that part where the single and accomplished heroine loses her virginity to someone who was not even her boyfriend. Someone she hadn't met prior, even. A complete stranger.

Nai-outline na niya ang nobela, naisulat na rin niya ang ilang eksena roon. Ang kulang na lang ay ang mga importanteng detalye sa unang pitong chapters at ilan pang may kinalaman doon. The novel, in fact, was sixty percent complete. Ngunit ayaw na niyang ibase sa research at interviews ang mga ilalagay niya roon.

Dahil gusto na niyang ang isusulat niya ay base sa tunay niyang naranasan.

The novel, *Last Lost Lust*, would center around what happened after the heroine lost her virginity to a stranger. Pero dahil wala nga siyang alam at karanasan pa, wala rin siyang ideya kung paano iyon isusulat. She initially just wanted first-hand details

on the whole sex act. Gusto niya kasing malalim, personal at buhay na buhay ang magagawa niyang imagery mula roon. Dahil doon niya mismo planong ipakilala at ipaunawa ang pagkatao ng heroine. Madali nang imbentuhin ang tungkol sa ‘stranger’ part.

Malay ba niyang darating siya sa ganitong edad, ang eksaktong edad ng heroine niya, na wala pa ring alam sa bagay na iyon? Kaya bago pa maging huli ang lahat, bago pa siya mawalan ng gana sa great Filipino novel niya, at bago pa mawala ang pagiging desirable kuno niya, sa tingin niya ay panahon na upang siya na mismo ang gumawa ng paraan.

Masyado niyang na-enjoy ang mga oportunidad na dumating sa kanya, kaya nawalan na rin siya ng panahon sa love life. At ngayong malapit-lapit na ring magpaalam sa kalendaryo ang kanyang edad, sa palagay niya ay dapat na niyang alisin ang salitang ‘virgin’ sa pagkatao niya.

She wanted to get rid of it, soon. Hopefully tonight.

At dahil ayaw naman niyang maging basta-basta ang pagkawala niyon, may ilang criteria siya sa kung anong klase ang lalapitan niya at susubukang akitin upang matulungan siya sa misyon niya.

He had to be tall, good-looking, brooding and with a book in his hands when she would see him for the first time. Ang sinabi ng mga kaibigan niya ay impossible raw na may makilala siyang ganoon, lalo na kung plano nilang maghanap sa isang bar. But that was exactly the point. If it's meant to happen tonight, then she would find a man that would fit her exact description.

Habang paibis sila ng taxi sa tapat mismo ng *Playa* ay iyon pa rin ang nasa isip niya, kasabay ang pagbilis ng tibok ng kanyang puso. This was it! Ito ang unang beses na susubukan niyang hanapin ang lalaking iyon.

“Deep breaths, girl,” sabi ni Elgar bago nito itulak pabukas ang pinto matapos nilang ipakita sa guard at bouncer ang ID’s nila. May age requirement na twenty-one and up kasi roon. “Let’s go,” aya nito bago iginiya siya sa bar upang kumuha ng drinks.

“*Bailey’s* on the rocks, please,” aniya sa guwapong bartender.

“Corny mo, *Bailey’s*?” taas ang kilay na sabi ni Camille.

“I just need a slight buzz, ayokong malasing,” katuwiran niya bago ngumiti sa bartender, na

pasimpleng pinasadahan siya ng tingin.

“Oh, my God! He is checking you out! Puwede na iyan! Ang guwapo kaya!” kinikilig na bulong ni Elgar.

The bartender indeed looked dashing. Mukha ring napaka-dignified at confident nito para sa trabahong iyon.

“Can I ask you something?” nakangiting tanong nito sa kanya.

“Yes?” Tumaas ang isang kilay niya. Guwapo ito pero nakaka-turn off kung *feeling* naman pala masyado.

“Sarong ba iyang suot mo? And how do you turn it into that beautiful dress?” curious na tanong ng lalaki, sa pagkagulat niya. “I want to see my gorgeous girlfriend in that,” sabi nito bago tila nangangarap na tumingin sa direksyon ng isang matangkad at magandang babae na androgynous ang porma.

Oops! Siya pala ang assuming. “Yes, sarong ito. Pero siya ang tanungin mo kung paano gawin dahil siya ang nag-ayos nito. Fashion editor siya,” nakangiting tugon niya, sabay turo kay Camille, na game namang ibinigay rito ang instructions. Tinapik nila ito ni Elgar na sumunod na lang sa isang bahagi ng bar kung saan may nagkalat na couch at ilang

tablet na maaaring kutingtingin ng mga guests doon.

“Gosh, ang daming guwapo!” komento ni Elgar habang iginagala ang tingin sa paligid kung saan karamihan ay abala sa games o gadget of choice ng mga ito.

Tahimik lamang na sumimsim si Audra sa kanyang inumin bago sinundan ang mga tinitingnan ni Elgar.

“That’s Tyler, and he is one of the owners of this bar. Kung di lang nice ang girlfriend niya, baka hinila ko na iyon dito,” sabi ni Camille nang maupo sa tabi nila.

“Kakadating pa lang natin, mag-relax muna tayo bago lumandi,” saway niya bago muling sumimsim sa baso.

Natawa ito. “At ikaw ang lalandi nang bongga!” Ginaya nito ang ginagawa ni Elgar at nagsimula nang magtuturo ng prospects.

Subalit tinanggihan niya ang lahat ng mga iyon.

“Ang choosy mo, ha! Hindi ka ganoon kaganda, ‘Teh!’” naaasar nang sabi ni Elgar na tinawanlang lang niya.

“Hay naku! Magsi-CR lang ako saglit at baka mas

makapili ako nang ayos kapag nabawasan ang tubig sa katawan ko," naiiling na saad niya, sabay tayo at binagtas ang daan patungo sa rest rooms. Nang matapos at sandaling masuklay ang maikli niyang buhok ay naisipan niyang i-explore ang sections ng *Playa*.

She passed by an open area of those playing *Wii* games, a PC gaming area, and finally, a room that looked like a music studio kung saan may ilang gitara, keyboards at maliliit na drum sets at isang malaking karaoke machine. May mga booths at mesa rin sa loob. Iyon yata ang pinakatahimik na parte ng bar. Karamihan kasi ng naglalaro ay may suot na headphones. Ang tanging maririnig lang doon ay mahinang piped-in music.

Pumasok siya. Kahit Biyernes ng gabi ay tila roon may pinaka-kaunting naglalaro. May pitong tao lang marahil at ang dalawa pa roon ay nasa isang booth at mainit na naghahalikan. Napaiwas tuloy siya ng tingin, at noon niya napansin ang lalaking nagsosolo sa corner booth.

Halatang matangkad ito, maganda at tama lang ang pangangatawan, clean cut na may kaunting stubbles, may suot na salamin sa mga mata, at guwapo base sa nakikita niyang profile nito.

His bone structure looked perfect and solid. Maganda rin ang hugis ng ilong nito, katamtaman ang kapal ng mga kilay, at mahahaba ang pilik-mata. Nakayuko ito na sa umpsisa ay hindi niya napansin dahil abala siya sa pagsilip sa mukha nito, na mukhang hindi naman *layo-genic*.

She walked closer, her heart raced in suspense. And that was when she finally saw what he was holding in his hands na bahagyang natatakpan ng isang malaking baso na mukhang iced tea ang laman, na nasa harap nito. It was still half-full.

What man still seriously drinks iced tea, in a bar, on a Friday night? And reading a book at that? Wait a minute, a book? Lumapit pa siya at noon nakumpirma na libro nga ang hawak nito, at mukhang engrossed ang lalaki sa binabasa. He was reading *Fragile Things*, a collection of short stories by one of her favorite authors, Neil Gaiman.

Pakiramdam ni Audra ay aatakihin siya sa puso. This guy met her criteria to the letter. And he was alone! Huminga siya nang malalim, kinalma ang sarili, bago ito buong-tapang na nilapitan.

She had approached strangers in various parts of the world asking for directions. This shouldn't be so bad.

Marahang ikinatok niya ang mga daliri sa mesa habang iniisip pa kung ano ang sasabihin. Pero mukhang inabandona na siya ng utak niya. Her sarcastic self took over.

“Alam mo, kung style mo iyan para makakilala ng babae, dapat d’un ka sa main room pumuwesto. O sa bar. Mas standout ka d’un.”

Nangungunot ang noong nagtaas ng tingin ang estranghero, hindi sa inis dahil naistorbo ito kundi mukhang higit sa pagkalito. He blinked.

Are those eyes... what color were they? At mas guwapo pala ito sa malapitan! Maamo ang mukha ng lalaki ngunit hindi niya tatawaging ‘maganda’. His day-old stubbles gave his feature more character, making him look just a bit dangerous, but still... nice.

He had piercing, brooding eyes, na hindi maitatatwa kahit sa may kakapalan nitong salamin.

“Excuse me?” sabi nito. And that voice, it was sexy and soothing. “Miss?”

Noon niya naalala ang walang kuwenta niyang sinabi. *Oh, man!* “You’re reading a book. In a bar. At Neil Gaiman pa. Granted na hindi lahat ng tao ay kilala siya o nagbabasa ng gawa niya, I just think that if that’s your style, you know, reading a book to

get noticed and pick up girls, mas okay siguro kung nasa main room ka o sa bar kasi mas maraming girls d'un," turan niya.

Nawala na ang pangungunot ng noo ng kaharap, at kahit malamlam ang ilaw ay nakita niya ang medyo pamumula ng kausap. Sumilay ang isang ngiti sa magagandang labi nito. And that smile revealed pearly white teeth.

Define perfection.

"It is not a ploy, or style or whatever. Hindi ako nagpapapansin sa girls gamit ang libro but if I am, hindi ko na siguro kailangang tumambay sa main room. Seems like I am already having great luck here." Iminuwesta nito ang espasyo sa tabi nito. Tila half-circle ang hugis ng booth.

Naupo siya. "Hindi ka lang umi-style? Seryoso ka talaga diyan sa binabasa mo?"

Tumango ito. He looked amused. "Hindi. And this is actually a re-read. You don't like Neil Gaiman?"

Ngumiti siya. "Isa siya sa favorite authors ko. During those three times na pumunta siya dito, palagi akong nakapila sa booksigning."

Umarko ang isang kilay nito. "Really?"

“Yup,” aniya, unti-unti nang nawawala ang kaba. Bagaman dama pa rin niya ang pag-iinit ng mga pisngi.

“What’s your name?”

Napakurap siya. “Audra.”

“That’s a cool name,” he smiled. “I’m Hunter.”

“That’s way cool.” Natawa ito. “Really, seryoso. Ikaw pa lang ang nakilala kong ‘Hunter’ ang pangalan.”

“And you’re my first Audra.”

Hindi niya alam kung paano magre-react. Kay tagal na panahon na rin simula nang may makilala siyang bago. At ngayon, katabi niya ang isang lalaking sa mga sandaling ito ay ikinokonsidera niyang makasama buong gabi.

She just found the perfect guy to lose her virginity to, and she didn’t even know how to get him to do it. With her.

“Mag-isa ka lang ba? O may mga kasama ka dito somewhere?”

“Nasa main room ang friends ko. I left because I couldn’t stand the noise. I don’t really go out much.

It's a birthday treat, actually.”

“Whose birthday?”

“Mine. I’m twenty-eight.” At bakit kailangan pa niyang ipangalandakan ang edad niya? *And still a virgin.*

“You look young,” komento nito. At imahinasyon lang ba niya iyon o talagang umisod ito palapit sa kanya?

“Well, thanks. I feel old.”

Natawa ito. “Don’t we all? Got any special plans tonight?”

Could he read her mind? May kung ano ba sa mukha niyang nagsasabing may binabalak siya sa gabing ito?

Umiling siya. “I take one day at a time. As for plans for tonight... yes... in fact, I do have plans,” she rambled.

Napakurap ito, gumuhit ang pag-aalala sa mukha. “Well, baka nakakaistorbo na ako sa kung anumang plano mo. I...”

“Pinapaalis mo ba ako?” nangingiting sabi niya. Or rather, ng espiritu ng *Bailey’s*.

Napaawang ang mga labi nito. “No, no... I mean, sinabi mo kasi, may plano ka at ayoko namang pigilan ka o ma-delay iyon dahil sa akin.”

“Pero ako ang lumapit sa ’yo, hindi ba?”

Muli itong napakurap. “Yes.”

Audra was beginning to loosen up as she felt herself liking Hunter more and more. He was gorgeous, ngunit mukhang hindi man lang nito alam iyon. Medyo awkward ito at parang may pagka-naïve.

“What if I tell you...” She inched her body closer. “...I want you to be part of what I have in mind, for tonight?” Bumaba ang tingin niya sa mga labi nito.

“What?” naguguluhang tanong nito, ngunit inilapit din ang katawan sa kanya.

Umakyat ang kamay niya sa braso nito. “You know, I’ve always wanted to do something different, something bold, something I have never done before for my birthday,” pahayag niya, halos pabulong.

“Yeah?” Hindi inaalnis ni Hunter ang tingin sa kanya. “Like what?”

Ramdam ng dalaga ang pinaghlong kaba, excitement at kaunting panic, ngunit unti-unti iyong natatalo ng kagustuhang tuparin na ang matagal na

niyang gustong gawin, ngayong gabing ito.

She might never get this chance again. She had set an almost impossible criteria, but then she met Hunter.

Gorgeous, brooding, adorable, totally irresistible Hunter. At kahit pa pakiramdam niya ay nagwawala na ang kanyang puso ay wala siyang balak palampasin ang pagkakataong ito.

Her hands crept up to his neck. Then she looked at him straight in the eye before pushing herself another inch closer “Like this.” At bago pa muling may nasabi ang lalaki, bago pa siya taluhin ng kaba, ay nailapat na niya ang mga labi rito. She had never kissed a stranger before.

And yet this stranger’s lips were probably the best she had ever tasted, and had the pleasure of kissing.

2

Ni sa panuginip ay hindi inaasahan ni Hunter na mangyayari ang ganito sa kanya. Women, especially those as beautiful as the one kissing him now, do not just appear out of nowhere and kiss a man after a few minutes of small talk.

And this one, Audra, wasn't even anyone he even imagined he would meet. Ngunit ang magandang ngiti nito, ang deep-set na mga matang tila palagi nang may pilyang kislap doon, at ang medyo mababa ngunit mapang-akit na boses nito ay tila pinagsamasamang bahagi ng isang magandang panuginip na nagkatotoo.

At hinahagkan siya nito na tila kay tagal na panahon na nitong hinintay na gawin iyon. She obviously wasn't an expert kisser. Tila nahihiya pa nga ito sa umpisa. Ngunit nang hindi siya gumalaw ay tila naengganyo ang babae, at pinagbuti pa ang paghalik sa kanya. Her soft, sweet lips that tasted faintly of *Bailey's* moved over his, as if she couldn't get enough of him.

Nang bumaba ang kamay nito sa kanyang dibdib at halos lamukusin ang harap ng suot niyang manipis

na striped hoodie ay tila noon lang siya natauhan. She was probably getting impatient. His hands moved to pull her closer by the waist, and he kissed her back.

The soft moan that escaped from her lips was like beautiful, soothing music to his ears. It worked like an adrenaline shot, too.

The movement of his mouth against hers became harder, more intent. She felt and tasted so good there was no other way of kissing her but this.

Umakyat ang kamay niya sa likod nito, patungo sa batok, hanggang sa marahang naisuklay na niya ang mga daliri sa maikli at malambot nitong buhok. He loved the feel of her this close, and he loved how she was responding to his kiss as if she really was enjoying it, and he was doing a great job at it.

Hindi na nga niya maalala kung kailan ang huling beses na nakaramdam siya ng ganito. Na parang sasabog ang dibdib niya sa pinaghulu-halong kaba, pagkasabik at saya, na dinagdagan pa ng samu't saring sensasyong nabubuhay sa kanya dahil sa halik na iyon.

It'd been a long while. At twenty-nine, and not exactly an expert in making the moves on women, he had resigned himself to a life where he would be

just content daydreaming, wishing and hoping.

Ngunit mukhang may ibang plano ang tadhana dahil dito pa mismo sa bar na pag-aari niya, sa isang gabing ni wala siyang inaasahang iba, at sa sitwasyon pa kung saan napagkamalang nagpapapansin siya, ay saka niya makikilala ang isang gaya ni Audra.

Audra, who didn't look and feel like such an expert as well. Medyo awkward ito kanina habang nakatayo sa harap niya at sinisita siya tungkol sa hawak na libro. She looked confident with that easy smile and playful glint in her eyes, but she also looked tense and distracted.

She looked stunning in that wrap dress but it also seemed like she was not used to wearing them. Who was this woman?

At bakit ganito na lamang kung hagkan siya nito?

Not that he was complaining. She felt, tasted and smelled so good it was slowly driving him to the edge. Naramdaman niyang inilapit pa nito ang katawan. Her softness, those lovely curves pressed against him made him mindless. Humigpit ang pagkakahapit niya sa baywang nito, at lalo pang pinagbuti ang ginagawang paghalik nang bigla itong mapaigtad.

Habol ang hinilingang humiwalay ito nang

bahagya sa kanya habang nakalapat pa rin ang isang palad nito sa kanyang dibdib. Binuksan nito ang bag at kinuha roon ang cellphone nitong umiilaw at tumutugtog to the tune of Beyonce's *Naughty Girl*.

Umako ang isang kilay ni Hunter habang hindi inaalis ang tingin dito na parang nalimutan yata kung paano sasagutin ang tawag. *Indeed.*

Nanatiling hawak niya ito sa baywang, at ilang pulgada lang ang layo ng mga mukha nila sa isa't isa. Tila disoriented pa rin si Audra dahil ni hindi man lang ito lumayo sa kanya kahit nang sagutin na nito ang tawag. Tuloy ay dinig na dinig niya ang boses ng kausap nito.

“Audra! Hello! Nasaan ka na? Hindi ka namin mahanap sa CR, nai-flush mo ba ang sarili mo? Saang sapa o ilog ka daw lilitaw?” Boses ng babae iyon, na sinundan nito ng tawa.

So, her name is really Audra. Hindi niya maunawaan kung bakit tila siya nakahinga nang maluwag doon.

“I’m just here somewhere,” she said almost breathlessly.

“Nasaan? May nahana ka na bang pangregalo sa sarili mo? Na pasado sa imposibleng criteria mo?”

tanong pa ng kausap.

Namula ang kaharap niya. “Illakas mo pa! Gaga ka, paano ba io-off ang speaker mode nito?” Bahagyang inilayo nito ang cellphone at titingnan sana kung paano io-off ang speaker nang kapwa nila marinig ang bulalas ng nasa kabilang linya.

“Oh, my God... Audra! May himala!”

Halos sabay pa silang napatingin sa pinto, kung saan nakatayo ang isang matangkad na morenang babae at katabi ang isang lalaki na parehong nakatingin sa kanila, manghang-mangha at ngiting-ngiti.

“Yes. So you two can go ahead without me,” sabi ni Audra habang nakatingin sa dalawa, na kapwa tumango bago pinasadahan siya ng tingin. Kapwa napakagat-labi ang mga ito at umalis na.

Ibinilik ng babae ang cellphone sa bag nito bago muli siyang hinarap. “Sorry about that,” parang walang nangyaring saad nito. Muli ay inilapit nito ang mukha sa kanya at akmang hahalikan siya, ngunit masuyong hinawakan niya iyon at pinakatitigan ito.

“I heard that, Audra,” aniya. “And I’m glad that’s your real name.”

Tumaas ang isang kilay ng kausap. “Bakit ako magsisinungaling sa pangalan ko?”

“Para mas madali kang maka-move on at hindi na kita hanapin after this?” alangang sabi niya.

Napangiti ito. “Hindi pa ako tapos.” At muli nitong hinuli ang kanyang bibig.

“Have you been drinking?” he murmured against her lips.

“Just a glass of *Bailey’s*,” sagot nito, lumayo nang bahagya at nilaru-laro ang tali ng hoodie niya. “I like kissing you.”

“I like kissing you, too,” sabi niya bago marahang iniangat ang baba nito upang magtama ang mga mata nila. “Your friend said I am your gift?”

She blushed. “Nagbibiro lang siya.” Kinagat nito ang ibabang labi. “But you do look like one... a gift, I mean.”

“Iyan ang joke.”

“Of course not. You’re gorgeous, you’re nice, you have great taste in books...” She brushed her lips against his. “You’re a hot kisser.”

“Yeah?” He nipped on her lower lip before

letting go. Kailangan niyang malaman kung ano ang kuwento ng babaeng ito, kung bakit ito naroon, kung ano pa ang plano nito.

Pinaglandas nito ang palad pababa sa kanyang dibdib. “Hindi ko gawain ito. This is the first time ever that I approached a man,” nahihiyang pag-amin nito. “Kaya nga uminom muna ako. Pampatapang.”

“Pampatapang para saan?”

“Para sa gusto ko pang gawin... sa regalo ko.” Ngumiti ito nang makahulugan.

“I... didn’t know I was one.” He swallowed. “A gift, I mean.”

“Until I saw you, I didn’t know, too.” Muli siya nitong hinagkan.

He blinked. “Yes?”

Mataman siya nitong tiningnan. “Let’s get out of here.”

“What?” Nanuyo yata ang lalamunan niya.

“Don’t you want to do more than...” Inilapat muli nito ang labi sa kanya. “This?”

Was this woman for real? “A-are you... are you s-sure?” kandautal na saad niya.

Tiningnan lang siya nito na parang sinasabing ‘duh!’ bago napangiti. “Your place?”

“I... I just moved in upstairs. Eleventh floor,” nagawa niyang sabihin. *Tama ba iyon? Don’t I sound so eager? She might freak out and leave!* Pero hindi ba at sanay na rin naman siya na nare-reject na lang bigla at iniiwan?

Ngunit ramdam pa rin niya ang panic nang makitang natigilan ang babae at ilang segundong nakatingin lang sa kanya. Bumaba ang kamay nito sa kamay niya. “Let’s go then.”

Hinayaan niyang mauna itong tumayo at hilahin siya pasunod dito. Hindi pa rin mapaniwalaan ni Hunter ang nangyayari. A beautiful woman just promised a night with him, in his place, and she looked as if she was not about to change her mind.

Una, dapat ay nag-isip siya ng ibang pangalan at hindi iyong tunay ang ibinigay niya. Bakit ba masyado siyang na-overwhelm sa kaguwapanan ng lalaking ito at sa libro nito na hindi na naisip iyon?

Pangalawa, dito lang nakatira si Hunter sa building na ito. At sa katabing building lang ang unit niya. Ibig sabihin ay may posibilidad na makita niya

uli ang lalaking ito! No!

Pangatlo, ang tangkad nito. Maganda rin ang pangangatawan. Malapad ang mga balikat, at lean and toned ang mga muscles na halata sa puting t-shirt nito na napapatungan ng blue and black striped hoodie, zipped up front. He looked so strong and solid. What if...?

Well, ano nga ba ang concern niya?

At dapat pa ba niyang isipin iyon gayong heto at nasa elevator na sila paakyat sa unit nito? Mahigpit at bahagyang nanginginig ang hawak ni Hunter sa kamay niya na parang kinakabahan itong mawawala siya. He also looked weary, at panay ang sulyap sa kanya.

Nang makarating sila sa floor nito ay binitawan nito ang kamay niya. “Puwede pang magbago ang isip mo. I wouldn’t mind. I don’t want you to regret this after.”

“Are you married? Committed? In love with someone?” sunud-sunod na tanong niya.

Sunud-sunod din ang iling nito.

Pinanlakihan niya ito ng mata. “Are you gay?”

Napangiti ito. “Ano sa palagay mo?”

“Kahit sabihin mong oo, hindi ako maniniwala.” Tumiyad si Audra upang hagkan ito sa mga labi. “Now take me to your room before I change my mind.”

Ilang sandaling tinugon muna ng binata ang halik niya bago niya naramdamang binuhat na siya at dinala sa unit nito. Halos hindi na naghiwalay pa ang mga labi nila. Hindi na niya namalayan kung paano nabuksan ang pinto o kung paano nila narating ang kuwarto nito. Ang tanging namalayan niya ay kung gaano ka-focused si Hunter sa paghalik sa kanya, na tila wala itong sawang gawin iyon.

She had no idea what making love felt like, but perhaps it was what he was doing now with her mouth.

Habang siya naman ay abala sa pag-aalis ng mga damit nito. His kisses may be fogging her brain, but her hands seemed to have a mind of their own.

Nang lumapat ang likod niya sa patas ng mga unan ay kasabay niyon ang maingat na pagsubok nitong alisin ang suot niyang wrap dress. She directed his hand toward the bangle, and soon he was already fumbling with the knots, the heat coming from his hands scorching her bare skin as parts of her became exposed.

“You’re beautiful, Audra,” bulong nito habang puno ng paghanggang minamasdan ang kabuuan niya. Nag-init ang mga pisngi niya. She was down to her mismatched undies and he looked at her as if she was hotter than those *Victoria’s Secret* models.

Naglandas ang mga kamay nito sa kanyang katawan, sa mga parteng hindi pa nasisilayan o nahahawakan ng kahit sino. Her back arched at the wonderful sensations his expert touch was stirring in her. Sinubukan niyang gayahin ang mga ginagawa nito dahil kanina pa rin niya gustong paglakbayin ang mga kamay sa katawan ng kaniig.

Pero nawalan yata ng lakas ang mga kamay niya nang maramdamang pag-alis ng hook ng kanyang bra at ang paghulma ng kamay nito sa dibdib niya. His hand gently kneaded her breasts before his thumb went across an erect tip.

Napasinghap siya at napabitaw. “That feels good.”

“Yeah?” bahagyang nakaarko ang kilay na sabi nito bago sinundan ng bibig ang dinaanan ng kamay. Her vision darkened as she felt his mouth on one breast, his hand still on the other. Loving her as if she was the most perfect and beautiful and...

“Hunter...” Hindi na niya alam kung paano igagalaw ang katawan nang maramdamang pagbaba ng mga labi nito mula sa kanyang dibdib patungo sa kanyang tiyan. Inabot niya ang balikat nito at mahigpit na humawak doon bago pilit ibinangon ang sarili.

Her chest was still heaving as she met his questioning gaze, his eyes full of undeniable want and desire that she never realized any man was ever capable of feeling for her. Inilapit niya ang mukha rito at masuyo itong hinagkan habang ang mga kamay niya ay pababa sa dibdib nito, sa tiyan... bago huminto iyon sa waistband ng boxers nito.

She pulled from the kiss. “Take it off.”

Tila wala sa sariling tumango lang ang binata. Magkatulong nilang hinubad ang boxers nito. She gasped when she finally saw him, kneeling in front of her, completely naked. He looked, for lack of better word, magnificent. At hindi niya inaasahang magagamit niya talaga ang salitang iyon upang i-describe ang kahit na sino.

Especially a man she was about to have sex with.

No, make love. She didn’t really know what love feels like, ngunit base sa kung paano siyang hagkan

ni Hunter, kung gaano ito kaingat sa bawat galaw, kung paanong tila sinisiguro nitong magugustuhan niya ang bawat ginagawa nito—marahil ay ganoon nga siguro ang pakiramdam ng mahalin.

Doon pa lang ay parang napapawi na ang kaba niya. She only wished she was an expert, too. So she could love his body the way he was loving hers.

But she was not. This was her first. She was a freaking virgin!

Nanlaki ang mga mata niya sa naisip. Napatingin siya sa lalaking tila naghihintay sa susunod niyang gagawin.

Dapat ba niyang sabihin kay Hunter na first time niya? Hindi kaya palayasin siya nito? Ang tapang niyang magyaya ng ganito pagkatapos ay wala pala siyang alam?

“Hunter... I...” Hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Humawak siya sa magkabilang braso nito, hindi alam kung ano ang gagawin.

“We can still stop, Audra. Just tell me.”

Tiningnan niya ito bago hinila palapit. Masuyong hinagkan niya ang lalaki. “No. Please continue,” she said as she pulled him down with her, covering her

body with his. She gasped when she felt his arousal poking at her thigh, her hands tightened around his arms.

Itinutok niya ang atensyon sa halik nito.

Gusto rin niya ito. Hindi siya aatras. Hindi na.

Napaungol siya nang maramdaman muli ang paglalakbay ng kamay nito sa kanyang katawan. His fingers moved from her collarbone to the valley between her breasts, down to her tummy, until she felt it slowly pulling down the last item of clothing that was covering her body.

She gasped when his fingers found her center, and gently stroked it. She bucked beneath him as her spine tingled with the strange, yet delicious sensations. Halos magpawala iyong sa kanyang katinuan. Humigpit pang lalo ang pagkakahawak niya kay Hunter, at lalo pa niyang pinalalim ang paghalik dito.

This was it. She was finally doing it! She was finally going to get rid of her...

Napadilat siya nang maramdamang pinaghihiwalay ng binata ang kanyang mga hita. *Oh... my... God!*

Hindi niya alam kung bakit, ngunit tila siya binuhusan ng tubig dahil doon. He was taking his time, stroking her thigh, his hands going back up her stomach, as if preparing her for what was to come.

Pero heto siya at parang hindi na sigurado ngayon.

She was about to have sex with a gorgeous man named Hunter. At iyon lang yata ang alam niya tungkol dito. Well, bukod sa alam na rin niya ang tirahan nito.

And that he also likes Neil Gaiman.

He drinks iced tea in a bar.

At iyon lang, wala nang iba.

Wala ring alam ito tungkol sa kanya, lalo na ang katotohanang first time niya ito.

And this was so not her. Why would she want to lose it to a man she barely knew?

At habang patuloy siya nitong hinahagkan at naglalakbay ang kamay nito sa kabuuan niya ay napatingin siya sa nakatiklop na laptop sa console table, at sa mga kableng maayos na naka-coil sa tabi niyon. And that was when she thought of the perfect excuse.

“Chuck! Stop!”

Napahinto si Hunter sa ginagawa, kaagad itong umalis sa ibabaw niya. “I’m sorry. Did you just say ‘Chuck?’” litong sabi nito.

Umayos siya ng upo habang kinukuha undies niya at mabilisang isinusuot iyon. “Yes! Chuck... my... my laptop. He’s an old *HP Pavillion* at hindi ko alam kung nai-unplug ko ba siya bago ako umalis!” tuluy-tuloy na sabi niya habang hindi na ngayon magkandatuto kung paano ibubuhol at ibabalik sa ayos ang wrap dress niya.

“I’m sorry, Hunter. Kailangan ko nang umalis,” paumanhin niya sa nanginginig na boses habang isinusuot naman ngayon ang boots. Ang sarong niya ay mukhang tapis na lang.

Mukhang windang pa rin ito na nakaupo lang sa kama at nakatingin sa kanya. “Hindi ka ba talaga sigurado kung nai-unplug mo? May dala ka bang sasakyan? Gusto mo ihatid kita pauwi—”

“No!” halos pasigaw na tutol niya na nagpangiwi sa lalaki. “Shit, I’m sorry! Pero okay lang ako. Kaya ko ito. I’m sorry, Hunter.” She finally got to work her sarong into a sloppy halter dress. Mukha na siyang disente. Carry na niyang lumabas at lakarin ang

patungo sa kabilang building. Isinabit niya ang bag sa balikat bago niyuko si Hunter at mariing hinagkan sa mga labi.

“I’m sorry,” she breathed as she pulled away. “And thank you.” Iyon lang at tinakbo na niya ang palabas ng kuwarto nito, derecho sa pinto na gumawa ng ingay nang isara niya dahil sa pagmamadali.

She was lucky to have gotten into an empty elevator and soon, she was sprinting out of the building and into the one beside it, kung saan may unit siya sa seventh floor.

Sana lang ay hindi siya nasundan ni Hunter at nalaman kung saan siya nakatira.

She didn’t want to do this to him, pero ito na rin ang nagsabi na ayaw nitong gumawa siya ng pagsisisihan niya. Mauunawaan siguro siya nito.

But the look in those soulful eyes haunted her now.

Pagod na napabagsak siya ng upo sa couch nang marating ang kanyang unit.

What had she done?

3

Pasado ala una ng hapon nang magising kinabukasan si Audra. Hirap siyang makatulog nang magdamag dahil sa nangyari. Ilang oras din niyang iniisip kung paano at bakit siya biglang iginupo ng takot habang kasama si Hunter. It was not like her to back out on anything that she'd set her heart on doing.

Kilala siya ng karamihan na matapang at walang inaatrasan, na hindi basta sumusuko sa challenge, hindi basta umaayaw sa dare. Hindi naman sa minamaliit niya ang kahalagahan ng magiging unang karanasan niya sa sex, pero hindi rin niya iyon basta ginawa on impulse.

It was for her dream project. One that was very important to her.

And she had a criteria, she planned to do it on the night of her birthday. Kung hindi siya makakahanap ng lalaking pasado sa criteria niya, then it was fine. But she'd found him, she met Hunter, and she thought that meant a lot.

At halos walang nagdaang awkward moment sa pagitan nilang dalawa. Maliban sa ilang segundo

ng pagkagulat nito noong una niya itong halikan, at ilang sandali ng pag-aalinlangan sa parte niya dahil hindi siya sigurado kung tama ang ginagawa dahil noon lang uli siya may hinalikang lalaki.

Everything went on smoothly after. Kaya sa kabilang pagiging bago ng lahat sa kanya, at kahit kinakabahan ay matapang niyang nasabi rito ang intensyon.

Hunter was nice enough to try and get out of it, but it was obvious he wanted her as well. Still, he would make sure he gave her the choice to stop, to back out each time. And she'd always told him to go on.

Hanggang sa bigla na lang siyang makaramdam ng takot, at tuluyang umatras.

Napapabuntong-hiningang bumangon siya at tiningnan ang cellphone. May ilang missed calls mula sa mga kaibigan niya, at isang paalala mula kay Camille. Magkikita kasi sila mamaya sa front steps ng Creative Writing Center Hall. Sabay silang pupunta sa induction dinner ng bagong batch ng estudyante ng prestihiyosong masteral program ng private university kung saan isa siya sa mga instructors.

At least, that was something to keep her busier

apart from her job as literary editor and columnist for a monthly lifestyle magazine.

Pero nakatira si Hunter sa kabilang gusali lamang at kahit anong iwas pa siguro ang gawin niya, magkikita pa silang muli. Hindi niya alam kung bakit ngayon ay lubha siyang apektado ng posiblidad na iyon. She had only been with him for one night. Kaya bakit siya nai-stress ng ganito?

Naiiling na inabala na lang niya ang sarili sa pag-aayos ng mga gamit, sa paglilinis, at sa pagkain. Upang matagpuan lang ang sarili na ilang beses natitigilan at nag-iinit ang mga pisngi dahil bigla niyang naaalala ang mga pinagsaluhan nila ni Hunter nang nakaraang gabi.

Nasapo niya ng palad ang noo bago nagsimula nang maghanda para sa pagpunta sa induction dinner. In minutes, she was able to put on subtle makeup to complement her 1940s style moss green casual dress. Kaagad siyang bumaba kung saan naghihintay na ang suki niyang taxi.

Halos magkasunod lang silang dumating ni Camille sa meeting place nila. Magiging estudyante niya ito at ang boyfriend nitong si Gelo, na kasama nila ngayong binabagtas ang hallway patungo sa multi-purpose hall kung saan gaganapin ang induction.

“So, how was last night? Ang hot n'un, ha! Muntik ko nang malimutan ang status ko nang makita ko siya. Si Elgar nga, pinigilan ko lang na sumugod at agawin siya sa 'yo,” natatawang sabi nito sa mahinang boses.

Nag-init ang mga pisngi niya. “It was... it was nice.”

“Nice? Hello, three-time *Palanca* winner! Nice lang ang salitang naisip mo sa adventure mo kagabi? Come on!” Nandidilat ito habang nakatingin sa kanya.

“Fine!” she said between gritted teeth. “It was... hot. Intense. He was...” Napailing siya. “He was really good.”

“Oh, my God!” impit na tili ng kaibigan. “Ano pa? He was tall, and he obviously had a hot body. But was he...” hininaan pa nitong lalo ang boses, “was he big?”

“Camille!” naeeskandalo nang saad niya. Tama bang pinipilit pa ng bruhang kaibigan niya na alalahanin niya ang nangyari nang nakalipas na gabi?

“What? Yes or no lang ang sagot.” Siniko siya nito. “Sige na. Nabitin kami ni Elgar sa pagsilay sa hottie mo kagabi, eh. Please?” Pinakurap-kurap pa nito ang mga mata.

“He was... magnificent.” Pakiramdam ni Audra

ay nagliliyab na ang magkabilang pisngi niya. “Ako pa halos ’yung naghubad sa kanya ng boxers niya.” Naitakip niya ang dalawang kamay sa mukha. Sa kabilang ginawa niya at sa hiyang nadarama dahil doon, hindi niya alam kung bakit parang kinikilig siya ngayon.

Napahalakhak si Camille. “Gaga ka! Ang landi mo, Madam!” Kinurot siya nito sa tagiliran. “What’s his name? Nakuha mo ba?”

“Hunter,” sabi niya nang malapit na sila sa tapat ng double doors ng multi-purpose hall. Huminto muna sila sa reception table upang magpa-register at kunin nina Camille at Gelo ang welcome packets ng mga ito.

“Ang hot naman ng pangalan!” anang kaibigan niya na napasipol pa habang inaayos sa dibdib nito ang sticker kung saan nakasulat ang pangalan. Corsage naman ang naka-pin sa kanya bilang palatandaan na miyembro siya ng faculty.

Wala pang limampu ang attendees sa munting party na iyon dahil dalawang sections at labindalawang estudyante kada klase lang ang tinatanggap sa Creative Writing program kada taon. The center had a very strict admission process, kaya ang pagtitipong ito ay magandang oportunidad para sa lahat upang

makilala ang isa't isa.

Iginala ni Audra ang tingin sa paligid. How the decors were set up during gatherings like this one always fascinated her. Tonight, it looked like someone pushed for a nineties era grunge theme base sa predominantly dark na kulay ng mga gamit doon, sa fake graffiti sa dingding at sa piped-in music.

“Audra...” sabi ni Camille na humawak pa sa braso niya.

“What?” takang tanong niya bago kinuha ang isang maliit na plato ng canapes at pastries at isang baso ng alak mula sa dumaang server.

“Paano kayo ni Hunter after the deed? Paano ka nagpaalam, I mean?” tanong nito, may pag-aalala sa magandang mukha.

She rolled her eyes. “Ang sinabi ko lang sa kanya'y kailangan ko nang umalis. Bakit? Get over it, Cam.” Naiiling na isinubo niya ang isang piraso ng canape. Hindi kailangan pang malaman ng mga kaibigan niya na wala talagang nangyari. Tiyak na kukulitin lamang siya ng mga ito. She didn’t really need that kind of stress right now.

“At ano ang sinabi niya?” giit ng babae.

“Camille...” aniya sa nagbababalang tono.

“Audra, was he okay with it? O basta mo na lang nilayasan?”

Napabuntong-hininga siya. “Halos hindi ko na siya napagsalita, eh. Basta nilayasan ko na lang. Look, Cam. Dapat bang isipin ko pa rin iyon?”

“Uhm... sa tingin ko mahihirapan kang hindi isipin si Hunter o ang nangyari kagabi,” parang namimilipit na saadnito.

“At bakit naman?”

“I think that guy’s smitten.”

“Who?” asar nang tanong niya.

“Hunter...” halos pabulong na sagot nito.

Natawa siya. “Parang ikaw ang smitten, eh.”

“Audra, inom ka muna,” anito, sabay bigay sa kanya ng isang baso ng tubig.

Nagtataka man ay sumunod siya dahil naubos na rin pala niya ang laman ng hawak na platito at kulang ang nainom niyang alak. Halos mapangalahati niya ang baso ng tubig bago iyon iabot sa kaibigan, na kinuha pati ang hawak niyang paper plate. “Wow! Thanks, Mother,” nakangiting saad niya.

Na tinugon lang ng kaibigan ng tango, sabay simpleng turo sa pamamagitan ng mga mata nito na tumingin siya sa kanan niya. “Yung kausap ni Dr. Lopez na nakatingin dito, kanina pa.”

Umako ang isang kilay niya bago bumaling sa direksyon kung saan neroon ang director ng Creative Writing Center na kausap ang lalaking hindi pa niya alam kung paano uumpisahang kalimutan.

Hunter, looking dashing in a crisp off-white buttondown shirt and snug fitting faded jeans, may be in the company of literary greats but his eyes were on hers, looking at her intently. Longingly.

Kahit kaiinom lang ay parang nanuyo ang lalamunan niya, lalo na nang bumaba ang tingin niya sa kanang dibdib nito kung saan nakadikit ang light blue name sticker na may nakasulat na *Hunter E. MCW 1B*.

He was going to be her student!

Hunter literally felt his heart leap when he saw her. Sa lahat ng lugar kung saan puwede niya itong makitang muli ay hindi niya inaasahang sa induction party iyon na inihanda ng pamunuan sa MA in Creative Writing course na nakatakda niyang simulan

ngayong semester.

And Audra was going to be his professor.

His mind raced back to just fifteen minutes ago, when he read her name in the student welcome packet he received. Naglalaman iyon ng course syllabus, listahan ng required readings, handbook, ilang writing supplies at isang manipis na journal na naglalaman ng profiles ng magiging mga instructors nila.

He'd never really heard about Auden Akira Joson dahil ang ginagamit nito palaging pangalan sa published works at iba pang gawa nitong nanalo ng parangal ay simpleng A. A. Joson lang. Ang column nito sa isang lifestyle magazine na nabasa na niya minsan ay may nakalagay lang na cartoon version ng mukha nito kaya hindi rin niya ito nakilala. He'd seen her books in stores, but never really read them.

He was now more in awe of the woman, who last night, was almost too willing to give herself to him. Ngayon ay nakatakda pa niyang makita at makasama ito tuwing weekend, sa loob ng limang oras kada araw, sa loob ng halos limang buwan.

Nakita na siya nito. She looked even more beautiful now. Bahagya pa itong namumula, medyo

nangungunot ang noo habang hindi makapaniwalang nakatingin sa kanya bago nag-iwas ng tingin at itinutok ang atensyon sa nagsasalita sa maliit na makeshift stage. Nag-umpisa na ang munting programa para sa gabing iyon.

Ang programa na halos hindi naman niya naintindihan dahil ang mga mata niya ay na kay Audra lang. Nang matapos ang ilang pagbati mula sa mga nakatataas na opisyal ng Creative Writing Center ay ang string quartet at isang gitarista na ang umokupa sa stage.

Ilang sandali pa ay muli nang nagkalat ang mga taong nasa party. Lahat ay kani-kanya nang kumpulan, ngunit nakita niyang iniwan din ng kaibigan nito si Audra at kinausap naman ang isa pang lalaking kasamang dumating ng mga ito. Kumakabog ang dibdib niya habang nilalapitan ang babae na noon ay inabala ang sarili sa pagkuha ng pictures ng mga kaganapan sa party gamit ang cellphone nito.

“Hi... Audra,” mahinang bati niya.

Napapitlag ito ngunit madaling nakabawi.
“Hello, Hunter.”

“So, you’re going to be my professor?”

“And you’re going to be my student. Yes, looks

like it,” simpleng sabi nito habang tuloy sa ginagawa.

Na okay lang naman sa kanya. Ganito ngang nag-uusap sila na hati ang focus nito ay ramdam na niya ang tensyon, iyon pa kayang walang distraction sa pagitan nila? Isa pa ay faculty member ito, sa isang pribadong universidad na siguradong may mga rules tungkol sa relasyon sa pagitan ng mga propesor at estudyante.

He may have shared more than what was necessary with Audra, but he couldn’t get her in trouble now. “Kumusta ka na?” naitanong niya.

Sumulyap ito sa kanya, may pagbabanta sa tingin, bago muling hinarap ang pagkuha ng litrato. “I’m okay.”

“How’s... how’s Chuck?”

Nakagat nito ang ibabang labi. Napakurap siya. Parang nanuyo ang lalamunan niya sa nakita. He tried not to stare at those lips.

“Okay lang ang laptop ko. I was right, hindi ko nga naalis ang plug.”

Napatango lang siya. Ilang sandaling minasdanan niya ang babaeng tila wala nang balak na tingnan siya. “Don’t worry. I wouldn’t tell anyone.”

Tumaas ang isang kilay nito.

Kinabahan tuloy siya. *Oh, man...* “I mean...” Hindi niya maapuhap ang sasabihin. “Hindi sa may dapat akong masabi dahil... wala naman talagang nangyari, hindi ba?” Pakiramdam niya ay hahaha ang ilong niya anumang segundo.

Nothing really happened? Hindi lang naman siya nakatulog, wala siyang na-accomplish ni isa sa naka-schedule na gagawin sa araw na ito, at wala rin siyang inisip kundi ang babaeng ito, na sa di-malamang kadahilanan ay lumayas matapos siya nitong akitin!

Napabuga siya ng hangin. “I’m sorry about that... ang gusto ko lang sanang sabihin—”

“I get what you mean,” putol nito.

At hindi niya alam kung imahinasyon lang niya iyon pero... totoo bang nakangiti ito? Audra was still not looking at him, but those lovely lips curved into a smile.

Damn! “Okay... okay, good,” napapatangong saad niya.

“We’re both adults, anyway. Sa tingin ko ay mas mabuting kalimutan na lang natin ang kagabi, hindi ba?”

Siya naman ang napaarko ang kilay. Paano nitong nagagawa ang ganoon? Base sa nangyari nang nagdaang gabi, hindi ganoon ka-experienced ang dalaga. Hell, he even suspected she was a virgin with the way she responded to him. Pero heto ngayon at kalmadung-kalmado ito.

“Right.” Napatango na lang siya.

“Well, Hunter, pupuntahan ko muna sina Dr. Lopez at kanina pa ako kinakawayan,” paalam ng babae bago ibinalik na nito ang cellphone sa dalang bag.

“Oh, okay.” *Shit, you’re such a nerd, Esquivel!* Gusto niyang murahin ang sarili. “Go ahead. It was nice seeing you again... Miss Joson.”

Tumaas muli ang kilay nito. “‘Miss Joson’ kapag nasa loob tayo ng classroom. But it’s still ‘Audra’ to you, Hunter,” she said curtly before she left.

Naiwan siyang nakamasid lang dito, at iniisip ang samu’t saring bagay na hindi niya inakalang may kakayahan pa rin pala siyang maramdaman.